



Protektahan natin ang WPS: RSA

MAY malaking reserba ng langis at natural gas (NG) ang West Philippine Sea (WPS) kaya kailangang gawin ng gobyerno ang lahat upang ito ay protektahan.

Sinabi ito ni Ramon S. Ang, mas kilala sa bansag na RSA sa isang miting Lunes, Mayo 27 sa idinaos na Philippine Economic Briefing sa Pasay City.

Ayon sa pag-aaral ng mga eksperto, aabot sa mahigit 11 bilyong bariles ng langis at 5.4

trilyongmetro kubikong NA ang nakadeposito sa ilalim ng katubigan ng WPS.

Ito ang dahilan, sinabi ni Ang, pangulo at chief executive officer (CEO) ng San Miguel Corporation (SMC), kaya marami ang interesado na mapasakanila ang WPS.

Walang tinukoy na tao, kompanya o bansa si Ang na interesado sa WPS.

"We have a very big reserve in [the] West Philippine Sea that's why

they are very interested in the Philippines. So let us not let go of it. We should protect our territory," wika ni RSA.

Binanggit din ni Ang na kulang ang subsidy ng gobyerno kaya mataas ang presyo ng enerhiya sa Pilipinas kumpara sa kalaopit na bansa sa Southeast Asia,

Aniya, kailangang pag-aralan ng gobyerno na mabawasan ang buwis na sinisingil sa power sector. /Eli Taparan II



Bangko sa Beijing magpapautang ng P64-B sa itinatayong Bataan-Cavite Bridge

ISANG bangko sa Beijing ang handang magpapautang ng P64-bilyon upang tuluyang matapos ang Bataan-Cavite Interlink Bridge -- ito ang 32-kilometrong tulay na tatawid sa dagat ng Manila Bay.

Sa pahayag ng Asian Infrastructure Investment Bank (AIIB) na bangko sa Beijing, China, nabatid na ang naturang halaga au suporta sa pamahalaang Marcos na

maitayo ang tulay na magpapabilis ng biyahngng papunta at balikane mula Maynila, Bataan at Cavite.

Magsisimula ang tulayh sa Brgy. Timalan sa Naic, Cavite tatawid sa Manila Bay patungong Brgy.y Alas-asin sa Mariveles, Bataan.

Mula sa mahigit na lima at kalahating oras, tatagal lang ng higit o kulang na 45 na minuto ang biyaheng Maynila-

Bataan-Cavite.

Inaprubahan na ang pautang, ayon kay Rajat Misra, AIIB acting vice president for investment operations sa South Asia, na sinabi na kapag makumpleto na ang tulay, inaasahang sisikad nang mabilis ang paglago ng ekonomya at komunikayon sa Metro Manila, Cavite at Bataan./Eli Taparan II

Happy 37th Anniversary po,Ate Lani, Sen. Bong Revilla

SA TOTOO LANG!



4PH inumpisahan na sa Imus City

REVANZE



P3.2 Trillion loan sa Agri sector, wow!

MAKIKIRAAN PO!



Babangga kay Mayor Barzaga, tiyak giba!

BUSISIIN NATIN



PUBLISHERS ASSOCIATION OF THE PHILIPPINES, INC.



PHILIPPINE INTERNATIONAL CONVENTION CENTER (PICC)

PICC COMPLEX, 1307 PASAY CITY, METRO MANILA

SEPTEMBER 20, 2024 FRIDAY @ 5:30 PM

BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN
ENTERED AS A SECOND CLASS MAIL MATTER
ISSN No. 2984-8563
domzcaoile@yahoo.com
taparaneliseo@gmail.com
VOLUME 2 NO. 35 10.00 MAY 27 - JUNE 2, 2024

33 tumanggap ng Negosyo Karts ^{see P.2}

VP Inday Sara asks SC to dismiss petitions re OVP confi funds ^{see P.2}

Advertise with us!

We are now offering publication of legal requirements for:

- * Extra-Judicial Notices
- * Self-Adjudication
- *Correction in Live Births
- *Correction in Names and Surnames*
- Affidavit of Loss*
- Obituaries, and other legal notices, notarial services and other publication needs.

Email us at domzcaoile@yahoo.com; taparaneliseo@gmail.com; sarfia926@gmail.com; arzmedia777@yahoo.com; or text/call: 0927-489-0759 /0928-940-6369.

Please contact us for inquiries.



Ibinilin ni Cavite 5th Dist. Rep. Roy Loyola sa 33 residente ng CarSiGMA na ingatan ang Negosyo Karts. Bahagi ito, sabi ni Loyola sa komitment ng gobyerno na tumulong sa ikabubuhay ng pamilyang Pilipino.

33 tumanggap ng Negosyo Karts

MAY ikabubuhay na ang 30 residente ng munisipalidad ng Silang at General Mariano Alvarez (GMA) na tumanggap ng Negosyo Karts sa ilalim ng programa sa hanapbuhay ng a Department of Labor and Employment (DOLE).

Nanguna sa pagbibigay ng Negosyo Karts si CarSiGMA 5th Dist. Rep. Atty. Roy Loyola na sa kanyang mensahe, pinasalamat si Sen. Loren Legarda, mga opisyal ng DOLE sa adhikang mabigyan ng ikabubuhay ang kababayan.

Sabi ni Loyola,



bahagi ng CarSiGMA Livelihood Program ang proyekto na inaasahan niya na makatutulong sa pag-angat ng antas ng pamumuhay nga mga benepisyaryo.

"Patuloy tayong magkaisa at magsikap para sa ikabubuti ng lahat," sabi ni Cong.

Loyola.

Sumaksi sa pamamahaging Negosyo Karts sina GMA Mayor Maricel E. Torres, GMA VM Percy Cabuhat, Silang Mayor Ted Carranza, acting Silang Vice Mayor Mat Toledo, at mga konsehal./ Gene T, Tanà

Happy 37th Anniversary po, Ate Lani, Sen. Bong Revilla

TUNGKOL sa kaso ni Bamban (Tarlac) Mayor Alice Guo na sabi ay Chinese spy raw, di raw Filipino, tinanong ko ang isang kakilalang attorney dito sa amin sa Barangay Makina, Naic, pero ang request niya,

nagbibintang ang dapat na magpakita ng evidensiya, proofs at patunayan ang allegations sa korte, hindi sa Senado.

"The Senate or the House (of Representatives) are not



SA TOTOO LANG!

★ GENE T. TAN



More anniversaries Ate Lani, Sen. Bong Revilla.

'wag ko nang i-mention ang pangalan niya, na sabi ko, okay.

"Whether it is true, o granting na may ebidensiya ang allegations against her, hindi na kailangan ang Senate investigation," sabi ni Atty R.

"Guo is an elected mayor, maybe she is not fit to be mayor, e ang mabuting gawin, yung natalo na kalaban sa pagka-mayor, iyon ang magsampa ng quo warranto case para mapataalik siya sa puwesto," sabi niya.

Sang-ayon si Atty. R nang sabihin ko, pag-aaksaya lang ng oras at pera ng bayan ang kadramahan na ginagawa nina Sen. Risa Hontiveros at Sen. Win Gatchalian.

Natawa pa siya, sabi niya, kasi in aid of reelection ang ginagawa ng dalawang senador.

Sa mga sinasabing violations, may NBI, Ombudsman at Korte na duon isampa ang kaso laban kay Guo.

Saka si Guo ay protektado ng batas at ng ating Constitution, at alam daw ito ng mga senador na ang isang accused, gaano naman kagrabeng opaniniwala ng nagkasala nga, nag-enjoy ng presumption of innocent.

Ibig sabihin, sa mata ng batas, walang kasalanan si Guo at ang

a court. Hindi rin ito NBI, hindi police o piskalya na ang trabaho ay mag-imbestiga," paliwanag niya.

interrogatory — is there a law in the offing somewhere?

Kawawa naman pala si Mayor Guo at naitanong ko lang, bakit ang tahimik ng mga human rights lawyers, ang mga women's organization at wala akong naririnig na nagsasalita pabor kay Mayora.

Naalaala ko ang ginawa ni dating Sen. Dick Gordon na kinomtempt, ipinakulong ang taga-Pharmally sa Senate investigation sa PhilHealth anomaly.

Natalo siya nang mag-reelect, baka mangyari ito kina Hontiveros at Gatchalian, hala.

Ayaw ko sa kanila pero si Sen. Bong Revilla, iboboto ko uli siya, kasi mapagmahal yan sa kababaihan, kasi siya pala ang author ng Magna Carta of Women, at ang amenda sa Centenarian Law.

Teka, happy 37th anniversary po, Sen. Bong at Bacoor Congresswoman Ate Lani Mercado-Revilla.

Kinilig ako nang sabihin ni Sen. Bong, na si Ate Lani ang kanyang "Forever!", kaya nasabi ko na lang, sana all.

@@@

Swerte ang mamamayan kung may

malasakit ang alkalde sa kabuhayan ng nasasakupan, at ito, nakita natin kay Cavite City Mayor Denver Reyes Chua.

Ikinalungkot ng alkalde na sa nakalipas na buwan, kokonti lang ang nahuhuli ng mandaragat sa laot ng siyudad, kaya, sabi nga "to the rescue" si Mayor Denver,

Aba, kailangang tulungan ang namamalakaya, kasi pag konti o walang huli, paano ang supply ng isda sa palengke, walang matitikmang fresh seafood ang mga residente.

Kung walang huli, paano ang hanapbuhay at kabuhayan ng mga mamalakaya, mga tindera ng isda sa palengke.

Hindi lamang global warming ang dahilan ng kokonting huli, baka nasa mga gamit, kaya sa tulong ng Bureau of Fisheries and Aquatic Resources (BFAR) at ng City Agriculture Office, nagbigay ng libreng lambat, kawil at tansi (hook and line) sa namamalakaya.

Umaasa si Mayor Denver, sa susunod na paglaot nila, masagana ang mahuhuling isda at iba pang pagkaing-dagat.

Sabi nga ni Mayor Chua, sa pamamahala niya, walang maiiwang sector.

"Lahat tayo sama-sama, tulong-tulong para mas maunlad na Lungsod ng Cavite,"

Send in your comments sa sarfia926gmail.com

VP Inday Sara asks SC to dismiss petitions re OVP confi funds

FORMER Solicitor General Estelito Mendoza has been enlisted by Vice President Sara 'Inday' Duterte-Carpio to ask the Supreme Court (SC) to dismiss three petitions challenging the legality of allocating P125 million in confidential funds to the Office of the Vice President.

In a 16-page consolidate comments, the vice president through Mendoza argued that none of the petitions filed by former Comelec Chairperson Christian Monsod, Atty. Howard Calleja and ACT Partylist present an actual case or controversy,

Mendoza added that "none of the petitioners alleged a legal, demandable, and enforceable right which calss for the exercise of judicial powers."

Duterte, through Mendoza argued that he SC's mandate "does not include the duty to answer all of life's questions and "that the petitions are mere apprehensions and speculation about contingent funds of confidential funds, which do not constitute justiciable controversies."

Mendoza was Solicitor General from 1972 until 1986 to late President Ferdinand Marcos, father of incumbent

President Ferdinand 'Bongbong' Marcos Jr.

He had also been a lawyer for the Marcos Jr, former First Lady Imelda Marcos, as well as other high-profile and controversial clients.

The petitioners sought the SC to declare the P125 million funds released to and used by the Office of ther Vice President as auditable by the Commission on Audit (COA) and 'that the utilization of public funds is constitutionally abhorrent."

The P125 million funds was released to the OVP by the Office of the President.

The petitioners asked the High Court if there is a need for the OVP to have confidential funds in the first place.

Also, the petitioners argued that no confidential funds may be released to or disbursed by any agnecy or instrumentality which is not given entitlement to it by the general appropriation law.

But Mendoza said that the SC's power "is not an unbridled authority to review just any claim of constitutional violation or grave abuse of discretion."

P3.2 Trilion loan sa Agri sector, wow!



MAKIKIRAN PO!
★ Janet W. BILBAO

Sabi ng Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP) umabot na sa P3.2 trilyon, opo, hindi bilyon, kungdi trilyon ang naiputang sa sektor ng agrikultura.

Pero purdoy, dugyot pa rin ang ating food, fish and livestock farmers, at top importer ang Pilipinas ng bigas, isda, at iba pang food products, kasama ang asin na kaya nating iprodyus mismo.

E sino ang nakinabang sa P3.2 trilyong utang na ito, mga traders, smugglers at ang mga opisyal ng gobyerno na nag-process at kumuha at humawak ng inutang?

Teka, di po ba si PBBM ang Agriculture secretary sa loob ng kulang na dalawang taon -- na walang ibinuting maganda sa agri sector.

Ito ang dapat maimbestigahan ng House at ng Senate para malaman kung tama ang paggastos sa utang, at kung itinago, ibinangko, malaman ng taumbayan.

Imbes na WPS ang unahin, ang food security muna ang unahin.

Dapat usisain ng bagong Senate Pres Chiz Escudeto kung saan o kung kanino o sino na punta ang pera na para sa agriculture.

Aba kung nagastos nang tama ang trilyones na piso sa agriculture, dapat hindi tataas sa P50 kada kilo ng bigas at makabibili ng mas murang pagkain ang mamamayang Pinoy.

Sigurado naibulsa kasi puro import tayo, Mr. President at Sir Tambaloslos.

Kung napunta sa tama ang P3.2 trillion, di na sa gitna ng kalsada magbibilad ng palay ang mga magsasaka, hindi na mabubulok ang sobrang aning mangga, kamatis, gulay, iba pang prutas kasi may naipatayong cold storage, may mga bagong pasilidad na mapag-iimbakan para manatiling sariwa ang mga aning bukid at ani sa dagat at palaisdaan.

E wala ang mga ito na ipinangako ng

administrasyon, e kung gayon, sino ang tumiba, mga tao sa agri sector, ay umaalingasaw sa among korapsiyon ito, PBBM.

Nakalulungkot ito, Senate Pres Escudero, sa laki ng pondo, hilahold na lakad- kalabaw ang buhay ng mga bayaning farmers. Lekat, may garantiya ng gobyerno ang utang na trilyones pesos, ibig sabihin, yung mga nakinabang, 'yung mga nandambong sa pera, hindi sila ang magbabayad, kami, tayong dugyot na nagugutom na taxpayers ang papasan sa bigat ng utang.

Ito ba ang bagong bayan na ipinangako ni PBBM na walang Pinoy na magugutom?

At lahat ay magiging Melyonaryo at aasenso?

P3.2 trilyon na walang remarkable achievement, ay labya pa rin at utang pa more,

Yes, asan ang maayos na harvester at modernong tractor, maayos na irigasyon, mga bagong farm-to-market roads, modernong gamit sa pagpaparami ng baka, baboy, manok, at maayos na infra sa fisheries?

Nakikita natin, kurakot pa more at kawawang magsasaka kapiling ang matatandang kalabaw.

A, yung P3.2 trilyon ay itinanim sa mga bulsa ng mga kurakot na politiko.

Kung napunta talaga sa farmers ang P3.2 trilyon, aba, mayayaman na ang farmers natin, at sana exporter na tayo ng food.

Asan ang libreng abono at libreng patubig, libreng binhi, libreng de kalidad na lahi ng alagaing hayop?

WPS pa, EDCA pa at travel pa more sa abroad, teka asan ang billion dollars na pledges?

Ay, sabi ni DSWD Sec Rex Gatchalian, maraming nagugutom, pero kinontra ito ni Anti-Poverty chief, Sec. Larry Gadon na isa lang haka-haka.

Meaning, walang nagugutom sa Pilipinas, e bakit mayroong mahigit sa P500-bilyong AKAP ayuda, daan-daang bilyong pisong ayusa sa Food Stamp, TUPAD, 4Ps, AICS at iba pang limos sa mahihirap.

Horrible ito, convicted senator!

Kung may nais mag-comment, pro o contra sa mga kolum, artikulo, news sa pahayagang ito, i-send lang sa email ng mga bossing namin -- taparaneliseo@gmail.com at domzcaoile@yahoo.com

Happy reading at mabuhaytayong lahat!

Babangga kay Mayor Barzaga, tiyak giba!



Mayor Jenny A. Barzaga

nakuhang boto ni Mayor Jenny kaysa kay Cong. Pidi.

Iisa lang ang ibig sabihin nito: mas malakas ang dating ng ating masipag, super byuting mayora ng Dasmariñas City, lalo na at ang Liga ng mga Kapitan, nakasuporta kay Mayor Jenny.

Halos lang ng organized political and social-civic organization sa siyudad, solido na matigas pa sa bakal ang paninindigang ihalal uli ang Team Dasma sa pangunguna ni Mayor Jenny.

Maipapayo ko, 100 times kayong mag-isip-isip, kasi ang babangga kay Mayor Jenny, siguradong giba!

Sakaling palarin na maibalik sa Sanggunian si former Dasma City Councilor Eloy Hugo, may nakaabang na papalit sa kanyang pwesto -- ito ay outgoing Councilor Bugoy Noora na subok ang mahusay na trabaho sa konseho at matapat sa mag-asawang Barzaga.

Kung konsehal uli si Eloy Hugo, mababakante ang pwesto nito at ang pwesto rin ni Action Team Chief Azlie Samac Guro, pweding pwede si Bugoy dyan.

Walang maiingit at kaiinggitan he he he. Pero ang lahat ng ,yan ay nasa desisyon ni Mayor Jenny, kaya payo ko, konti pang panalangin, minamahal naming Konsi, at malay n'yo, magbago ang ihip ng hangin at kayo'y matangay, eh di, wow!

Dahil malapit na ang midterm local elections, natural lang na may mag-ambisyon na "mamahay" sa Dasmariñas City Hall, at wala namang masamang mangarap, sabi nga, libre ang mangarap.

Usong rin ang mga intriga politika, at ang gapangan at paghahanda ng mga tiket para labanan ang Dasma Team ni Mayor Jenny -- na ang akala, dahil wala na si Cong. Pidi, nawala na ang magic ng Barzaga tiket.

Teka po, sa mga nais magpadala ng kanilang saloobin, i-send po sa tomhalim1957@yahoo.com.

TALAGA lang, huh ... may nagkakat kasi ng sabi-sabi, na ito na taw ang tamang panahon upang maagaw ang city hall ng Dasmariñas sa kamay ng mga Barzaga, ganun?

Wala na raw kasi, at sumakabilang buhay na si Action Man, Workaholic Congressman Pidi Barzaga, at bunga nito, humina na raw ang suporta sa biyuda nito, si Mayor Jenny Barzaga.

Aba'y nagkakamali po kung sinoman ang nagkakat ng ganyang intriga, patunay po, noong nakaraang 2022 local elections, mas malaki pa ang

Iisa lang ang ibig sabihin nito: mas malakas ang dating ng ating masipag, super byuting mayora ng Dasmariñas City, lalo na at ang Liga ng mga Kapitan, nakasuporta kay Mayor Jenny.

Halos lang ng organized political and social-civic organization sa siyudad, solido na matigas pa sa bakal ang paninindigang ihalal uli ang Team Dasma sa pangunguna ni Mayor Jenny.

Maipapayo ko, 100 times kayong mag-isip-isip, kasi ang babangga kay Mayor Jenny, siguradong giba!

Sakaling palarin na maibalik sa Sanggunian si former Dasma City Councilor Eloy Hugo, may nakaabang na papalit sa kanyang pwesto -- ito ay outgoing Councilor Bugoy Noora na subok ang mahusay na trabaho sa konseho at matapat sa mag-asawang Barzaga.

Kung konsehal uli si Eloy Hugo, mababakante ang pwesto nito at ang pwesto rin ni Action Team Chief Azlie Samac Guro, pweding pwede si Bugoy dyan.

Walang maiingit at kaiinggitan he he he. Pero ang lahat ng ,yan ay nasa desisyon ni Mayor Jenny, kaya payo ko, konti pang panalangin, minamahal naming Konsi, at malay n'yo, magbago ang ihip ng hangin at kayo'y matangay, eh di, wow!

Dahil malapit na ang midterm local elections, natural lang na may mag-ambisyon na "mamahay" sa Dasmariñas City Hall, at wala namang masamang mangarap, sabi nga, libre ang mangarap.

Usong rin ang mga intriga politika, at ang gapangan at paghahanda ng mga tiket para labanan ang Dasma Team ni Mayor Jenny -- na ang akala, dahil wala na si Cong. Pidi, nawala na ang magic ng Barzaga tiket.

Teka po, sa mga nais magpadala ng kanilang saloobin, i-send po sa tomhalim1957@yahoo.com.



BUSISIIN NATIN
★ Tom Halim



2 bersiyon ng batas para sa pagkilala sa mga karapatan ng Tagasaling Pilipino, isinusulong ng Kasalin Network

Sa ginanap na "Layag: Forum sa Pagsasalin" noong Sabado, Mayo 18, sa University of Asia and the Pacific, Pasig City, inilatag ni G. John Enrico Torralba, hepe ng Sangay ng Salin ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF-SS) ang unang bersiyon ng panukalang batas na naglalayon sa kilalamin ang mga karapatan ng mga tagasalin, pati ang pagtiyak sa kalidad ng mga tagasalin at registry ng mga tagasaling Pilipino.

Ang forum ay inorganisa ng Kasalin Network, isang consortium para sa pagsusulong ng propesyonalisasyon ng mga tagasaling Pilipino.

Sa ikalawang bersiyon, sinabi ni Dr. David Michael San Juan, puno ng Pambansang Lupon sa Wika at Salin ng Pambansang Komisyon sa Kultura at Sining (NCCA-NCLT) na magagabayan ng batas ang mabisang



BANTAY BALITA
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN

HENRY E. CAOILE
Founder

DOM B. CAOILE
Publisher

ELI TAPARAN II
Editorial Consultant

ADELA R. ZAMORA
Special Projects Director

GENE TAPARAN TAN
Chief of Reporters

JANETH W. BILBAO
Circulation Manager

member Papi PUBLISHERS ASSOCIATION OF THE PHILIPPINES INC.

Your Community Newspaper, Kakampi ng Bayan!
Published Weekly by BantayBalita News Publishing Services
Block 2, Lot 27, Camella Barcelona Phase 1,
Barangay Buhay na Tubig, Imus City, Cavite
E-mail: domzcaoile@yahoo.com / taparaneliseo@gmail.com / lukasdasilva990@gmail.com
Phone: 09274890759 / 09289406369
ISSN No. 2984-8563

Tumatanggap ang pahayagang ito ng kontribusyong balita, artikulo, photo, komento, promotional releases, anunsyong komersiyal at legal; gayundin mga abiso mula sa pamahalaang nasyonal at lokal at sa iba pang ahensiyang publiko at pribado at samahang sibiko at kilusan sa kawanggawa.

Isasalang sa maingat na pagkilatis ang bawat matatanggap na kontribusyon at kung kailangan ay idadaan sa editing, kung may malalaswa, mapanglailait at mapanirang salita o larawan na humahamak at maglalagay sa kahihyan ng sinomang tao.

Lahat ng nilalaman ng pahayagang ito ay maaaring muling ilathala, kopyahin sa paraang digital, imprenta at kariktura at maaaring ipamahagi sa publiko kung magbibigay-pasabi sa patnugutan ng BANTAYBALITA sa pamamagitan ng sulat, email, message o tawag sa telepono o sa anumang uri ng komunikasyon. All Rights Reserved. Imus City, Cavite, Philippines.

NOTE: All news articles and opinions expressed by the writers are entirely their own and do not reflect the opinion of the Publisher, Management of this Publication.

4PH inumpisahan... *from backpage*

Panlipunan, Cavite Historical Society, Imus Historical Society, Republica ng Filipinas Reenactors Group, Veterans Federation of the Philippines-Cavite, at ang inapo ng mga unang nag-organisa ng Banderada sa Alapan.

Hinimok ng ating alkalde, Mayor Advincula ang bawat Pilipino na laging isaisip at isapuso ang pagmamahal sa kalayaan, at protektran ang ating kasarinlan at ipinaglaban ang demokrasya.

Mabuhay ang ating Kalayaan at ang Pambansang Watawat ng Pilipinas,

@@@

Tampok sa pagdiriwang ang paglulunsad ng Pambansang Pabahay Para sa Pilipino (4PH) Program sa ating lungsod, at ito ay sa inisyatiba ni Mayor AA at ni Cong. AJ upang makakaroon ng tsansa ang ating kababayang Imuseno na magkaroon ng sariling bahay.

Nalaman natin, ito ay proyekto ng PagIBIG Fund sa ilalim ng Department of Human Settlements and Urban Development (DHSUD) para sa obrerong Pinoy na miyembro ng Pag-IBIG Fund.

Sabi ni Mayor AA, itong 4PH ay katuparan ng naipangako niya na mabigyan ng maayos na tirahan ang kababayang Imuseno, lalo na ang

mga wala pang sariling tahanan.

Mahigit sa 1,000 unit ang itatayong pabahay, sabi ni Mayor Advincula na mas mura kaysa ibang residential units ng mga pribadong real estate developer.

Naikuwento nga niya, na siya ay mula sa mahirap na pamilya, kaya alam niya, dama niya ang pangarap ng karaniwang kawani na magkaroon ng sariling maayos na tahanan.

Sa pagtatanong natin sa mga opisyal ng DHSUD, itong 4PH program ay may mas mababang interes at subsidy na hanggang 5% ng natitirang interes sa loan, aba, okay naman pala.

Sabi ni Cong. AJ, tutulong ang kanyang opisina sa kapwa Imuseno na intieresaDO SA (4PH program gamit ang kanilang Pag-IBIG Fund membership.

Ang kailangan -- mag-apply para sa espesyal na Pag-IBIG housing loan sa ilalim ng 4PH, at makipag-ugnayan sa kanyang opisina, sabi ni Cong. AJ at sa opisina ni Mayor Advincula para mailistata bilang pre-identified applicants ng 4PH program.

Ayos, sana makapag-apply ang tropa namin sa BantayBalita at Cavite Press Corps.

Happy reading at magmensahe lang po sa domzcaoi@yahoo.com



Congratulations! Recognition Day ng mga batang nagtapos sa St. Martha Montessori School na ginanap sa City Pilot Elementary School sa Imus City, Marso 25, 2024.

2 bersiyon... *from p.3*

ugnayan ng mga stakeholder ng pagsasalin, ang pagbubuklod ng mga praktisyoner, at makapaglalagat ng mga pambansang pamantayan para sa kalipikasyon ng mga tagasali.

Sa forum, naglatag naman si Atty. Nicolas Pichay, tagasalin at direktor ng Legislative Research Service ng mga konsiderasyong dapat tandaan upang mabisang maisulong ang batas para sa propesyonalisasyon ng mga tagasalang Pilipino.

Katuwang ng Kasálin Network sa pagsusulong ng propesyonalisasyon ng mga tagasalang Pilipino ang sumusunod na institusyong pangwika at pagsasalin.

Ang mga ito ay ang KWF, UST Sentro sa Salin at Araling Salin, UA & P Kagawaran ng Filipino, Sentro ng Wikang Filipino ng UP Diliman (SWF-UPD), PNU Language Study Center, DLSU Salita (Sentro ng Pagsasalin, Intelektuwalisasyon, at

Adbokasiya), PUP Sentro ng Pagsasalin, Ateneo de Manila- Senior High School, Biliran Province State University-SWK at;

Cebu Normal University Sentro ng Wika at Kultura -(CNU-SWK), Palompon Institute of Technology, Leyte, Filipinas Institute of Translation (FIT) , Magbikol Kita, NCCA-NCLT, Sanggunian sa Filipino (SangFil), Propesyonal na Asosasyon ng mga Tagapagtaguyod ng Salin (PATAS) , Translators Association of the Philippines (TAP) at Bangsamoro Transition Authority Translation and Interpretation Division (BTA-TID) .

Hyflex ang forum na dinaluhan ng higit-kumulang na 200 tagasalin at tagapagtaguyod ng pagsasalin mula sa buong Pilipinas at ito ay muling mapapanood sa Facebook page ng Komisyon sa Wikang Filipino at ng Kasálin Network.

Sa nais maging bahagi ng Kasálin Network, mag-email sa networkkasalin@gmail.com.

Edukasyon... *from backpage*

na kailangan ay may sandata at taktika sa pakikipaglaban, at ito ay makukuha sa pag-aaral, sa edukasyon at karanasan at mgfa aral sa buhay.

Kinilala naman ni School Administrator, Ms. Liberty Casipe at School Principal Ms Analie Matre ang naipakitang talino at pagsisikap ng mga graduates at ang payo na lalo pang pagbutihin ang kanilang pag-

aaral.

Mayroong 100 ang nagtapos, na kasama ang pagkilala sa mga batang kinder hanggang Grade 5 sa aktibidad na ginanap sa PTS College & Advance Studies sa Brgy. Salawag, Dasmariñas.

Kilala sa de kalidad na pagtuturong akademiko, ang Children of Mary Academy kaya maraming enrollees ito sa pagpasok ng bagong school year 2024-2025.



EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF DECEASED PERSON SPOUSES ISIDRO CARSETA AND AGATONA SAUL WITH WAIVER OF RIGHTS

Notice is hereby given that the estate of the late **SPOUSES ISIDRO CARSETA and AGATONA SAUL** who died on January 05, 1938 and July 04, 1945 at Imus City, Cavite left a parcel of land situated in the brgy. Of Calsadang Bago, Municipality of Imus, Province of Cavite covered by Transfer Certificate of Title no. (T-19555) Containing an area of Four Hundred Twelve (412) square meters,, extra judicially settled among legal heirs, executed before notary public Atty. FE B. AÑONUEVO under doc. No. 421 page no. 85 book no. 164 series of 2024 notarized date May 13, 2024

**BANTAYBALITA News Publishing Services
 MAY 27, JUNE 3 & 10, 2024**

EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF THE LATE RUBEN MOJICA GONZALES WITH SPECIAL POWER OF ATTORNEY

Notice is hereby given that the estate of the late **RUBEN MOJICA GONZALES** who died on December 25, 2016 at San Diego, California, USA left a parcel of land under Transfer CERTIFICATE of Title no. 99398 with tax Declaration no.F-001-05 226, with an area of TWO HUNDRED FOUR (204) square meters, extra judicially settled among legal heirs, executed before notary public Atty. Noel B.Gabriola under doc. No. 439 page no.89 book no. V series of 2024 Notarized date: May 16, 2024

**BANTAYBALITA News Publishing Services
 MAY 27, JUNE 3 & 10, 2024**

AFFIDAVIT OF SELF ADJUDICATION

Notice is hereby Given that the ESTATE of the late **SPOUSES JOSE UMILA** who Died on October 12, 1974 at Alfonso, cavite and **PREMETIVA VISLENIO UMILA** who died on May 13, 1971 at Alfonso, cavite that said Deceased Left a parcel of Land covered By TAX DECLARATION NO. AA- 01 0022 00188 Containing an area of FIVE THOUSAND FIVE HUNDRED TWENTY ONE (5,521) SQUARE METERS Situated at matagbac II, Alfonso, cavite EXTRA JUDICIALLY SETTLED among Legal heirs, Executed before notary public atty. ELPIDIO M. PALIGUTAN under DOC. No. 399 page No. 81 Book No. V11 Series of 2024 Notarized Date: March 04, 2024

**BANTAYBALITA News Publishing Services
 MAY 13, 20 & 27, 2024**

EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF JEFFREY G. CARDENAS

Notice is hereby given that the estate of the late **JEFFREY G. CARDENAS**, who died on November 25, 2018 at Gregorio Del Pilar , Ilocos Sur, left a parcel of land and motor vehicle described as follows Transfer Certificate of Title no. T-127 6497 situated in BACOR, Cavite containing an area of FIFTY-FOUR (54) square meters and motor vehicle MAKE: HYUNDAI SERIES: ELANTRA CWT1 YEAR: 2013 PLATE NO.: WIB 846. ENGINE NO. G4NBDU 715331 MV FILE NO. 1320-00000 267984 extra judicially settled among legal heirs, executed before notary public Atty. FE.B. AÑONUEVO under doc. No. 395 page no.79 book no. 166 series of 2024 notarized date: May 23, 2024

**BANTAYBALITA News Publishing Services
 MAY 27, JUNE 3 & 10, 2024**

DEED OF EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF THE LATE AUGUSTO ITOC RAMIREZ, GORGONIO ITOC RAMIREZ and VIRGINIA ITOC RAMIREZ with PARTITION AGREEMENT

Notice is hereby given that the estate of the late **AUGUSTO ITOC RAMIREZ** who died on April 22, 1999 at Cavite City **GORGONIO ITOC RAMIREZ** who died on May 17, 2009 **VIRGINIA ITOC RAMIREZ**, who died on November 7,2015 at Maragondon, Cavite left a parcel of land situated in Brgy. BUCAL 2, Municipality of Maragondon, Province of Cavite Containing an area of FIFTEEN THOUSAND ONE HUNDRED TWENTY-TWO (15,122) square meters with TAX DECLARATION NO. AA-13 0006 00003 extra judicially settled among legal heirs, executed before notary public Atty. FE B. AÑONUEVO under doc. No. 331 page no. 66 book no. 166 series of 2024 notarized date: May 21, 2024

**BANTAYBALITA News Publishing Services
 MAY 27, JUNE 3 & 10, 2024**

DEED OF EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF THE LATE ROSENDA G. ULEP AND DOMINGO A. ULEP JR. WITH WAIVER OF RIGHTS

Notice is hereby Given that the ESTATE of the late **ROSENDA G. ULEP** who Died on March 03, 2013 at veterans hospital, Quezon city and **DOMINGO A. ULEP JR.** who Died on March 12, 2024 at karmellie clinic and hospital corporation laoag city, ilocos norte, that said Deceased Left a parcel of Land with improvement Located at B2 L3 Regina Ville 2000 ph-1 brgy. inocencio trece Martirez city, cavite, measuring an area of EIGHTY (80) SQUARE METERS covered by TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. T-81159 EXTRA JUDICIALLY SETTLED among Legal heirs, Executed before notary public atty. Elpidio M. Paligutan under DOC. No. 53 page No. 8 Book No. VII Series of 2024 Notarized Date: May 07, 2024

**BANTAYBALITA News Publishing Services
 MAY 20, 27 & JUNE 3, 2024**

EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF THE LATE TEODORO TIDOR SUPERIO

